# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL, NA IDINAOS NUONG OKTUBRE 17, 1996, SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAAN BAYAN

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Benjamin L. Esguerra, Jr. | - | Pang. Punong Bayan/ Tagapamatnugot |
| Kgg. George Ricardo R. Gacula | - | Konsehal |
| Kgg. Nathaniel C. Aguilar | - | " |
| Kgg. Fernando R. Cabitac | - | " |
| Kgg. Alfredo S. De Leon | - | " |
| Kgg. Ernesto G. Policarpio | - | " |
| Kgg. Noel Ireneo E. Reyes | - | " |
| Kgg. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Randy S. San Juan | - | " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr | - | ABC. President |
| Kgg. Aldin B. Gatapia | - | SK. President |

MUNICIPALITY OF TAYTAY PROVINCE OF RIZAL

- - - - - - - - - - - - - -

## KAPASYAHAN BILANG 98

KAPASYAHAN HUMIHILING KAY GEN. RECAREDO SARMIENTO III, DIRECTOR-GENERAL PHILIPPINE NATIONAL POLICE (PNP) NA MADAGDAGAN ANG BILANG NG TAYTAY,PNP DAHIL SA KAKULANGAN NITO SANHI NG MABILIS NA PAGDAMI NG MAMAMAYAN AT SA DUMARAMING KRIMEN AT IBA PANG MGA ILEGAL NA BAGAY NA DAPAT MABIGYAN NG ATENSYON.

SAPAGKAT, ang bilang ng ating pulis sa Taytay PNP na ngayon ay 53(pulis) lubhang kulang ilalagay ang tamang laan na pulis sa bawat mamamayan (Base sa isang(1) pulis kada (1,000) ( Note; Actual is 1;2250);

SAPAGKAT, sa dumaraming mga krimen at ilegal na mga aktibidades ng mga masasamang elemento sa ating kapaligiran ay hindi nating matugunan

ang karamihan sa mga ito dahilan nga sa kakulanga ng ating pulis na dapat ay nagreresponde agad sa unang tawag pa lang;

SAPAGKAT, upang matugunan ang kakulanga ng bilang ng ating mga pulis ay marapat na hilingin kay Gen. Recaredo Sarmiento III, Director-General, Philippine National Police (PNP) na madagdagan ang bilang ng ating pulis upang matugunan ang kakulangan ng puwersa ng Taytay PNP;

Matapos ang masusing pag-aaral.

PINAGPASYAHAN, gaya ng pagkakapasya, ang Sangguniang Bayan ng Taytay ay humihiling kay Gen. Recaredo Sarmiento III, Directo-General, Philippine National Police (PNP) ng karagdagang pulis sanhi ng kakapusan nito sa kasalukuyan.

PINAGPASYAHAN PA, na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang lahat ng mga kinauukulan para sa kanilang kaalaman at kaukulang hakbang;

PINAGTIBAY, ngayong ika-17 ng Oktubre, 1996 dito sa Taytay, Rizal.

ORIGINAL SIGNED
**BENJAMIN L. ESGUERRA,JR.**
**Pang. Punong Bayan**
**Tagapamatnugot**

PINATOTOO:

ORIGINAL SIGNED
ABGD. EDWIN P. CRUZ
**Kalihim- Sanggunian Bayan**

PINAGTIBAY:

ORIGINAL SIGNED
GODOFREDO C. VALERA
**Punong Bayan**

R9896
files/ amy